

Kung Ano ang Dapat Gawin Kapag May Lagnat ang Anak Ninyo

Gumamit ng termometro para malaman kung may lagnat ang anak ninyo

May apat na praan para kumuha ng temperatura: puwit, bibig, tainga at kilikili. Ang instruksiyon na kasama ng termometro ang magtuturo sa inyo kung aling paraan ang gagamitin.

Bago at pagkatapos ng bawat paggamit, linisin ang dulo ng termometro. Gumamit ng sabon at tubig o pamahid na alkohol, at magbanlaw ng malamig na tubig. Huwag gumamit ng parehong termometro sa pagkuha ng mga temperatura sa bibig at puwit.

Kung aling paraan ng paggamit sa termometro ang gagawin (batay sa edad)

Pagkasilang hanggang 3 buwan


Puwit lamang

3 buwan hanggang 4 taon

Kilikili o puwit

4 taon pataas

Bibig, kilikili o tainga



Kung nag-aalangan sa mga resulta, sa puwit kunin ang temperatura

Ang lagnat sa bata ay:

Kilikili*	99.0 F (37.2 C) o mas mataas pa
Bibig	100.0 F (37.8 C) o mas mataas pa
Puwit	100.4 F (38 C) o mas mataas pa
Tainga	100.4 F (38 C) o mas mataas pa

*Pinaka hindi tumpak ang mga temperaturang nakukuha sa kilikili

Kung mayroon kayong dihital na termometro na para sa tenga (digital ear thermometer)

- Gamitin lamang kung ang anak ninyo ay 6 buwan pataas
- Nababawasan ng tutuli o kurbadong kanal ng tainga ang katumpakan ng temperatura



Kung paano lulunasan ang lagnat

- Samantalang senyal ng sakit ang lagnat, nalalabanan din nito ang mga impeksiyon
- Puwedeng hindi lunasan ang lagnat kung 6 buwan pataas ang bata, nakakainom ng sapat na dami ng inumin, nakakatulog nang maayos at nakakapaglaro

Pagkasilang hanggang 3 buwan

Huwag paiinum ng gamot ang bata hanggang hindi nasusuri ng doktor

3 buwan hanggang 4 taon

Tylenol
(Acetaminophen)
Huwag magpapainom ng gamot na labis kaysa sinasabi sa etiketa

4 taon pataas

Advil o Motrin para sa mga Bata
(Ibuprofen)
Sundin ang mga instruksiyong nasa etiketa

Huwag magpainom ng aspirin sa batang may edad 18 buwan pababa
Kumonsulta sa doktor ng inyong anak bago painumin ng gamot ang inyong mga anak



May tanong na kayo tungkol sa kalusugan?



Tumawag sa Linya ng Pagpapayo ng Nars (Nurse Advice Line) ng HPSM

1-833-846-8773



Tumangggap ng mga sagot 24/7 mula sa Lisensiyado at Rehistradong Mga Nars

Kung kailan hihingi ng tulong sa paggamot

Tawagan ang doktor ng inyong anak kung ang anak ninyo ay:

-  May lagnat sa loob ng 3 o higit pang araw at hindi gumagaling
-  May lagnat, nagsusuka, madalas dumumi (diarrhea) at kaunti ang iniinom, o mas madalang ang pag-ihi at nagiging mahina

Pumunta agad sa Emergency Room kung ang inyong anak ay:

-  3 buwan o mas bata at may temperaturang 100.4 pataas
-  May problema sa paghinga